


9

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 9: Lipunang Pang-ekonomiya



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikasiyam na Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Unang Markahan – Modyul 9: Lipunang Pang-ekonomiya  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Marites A. Baguiso, Aljhun M. Pantaleon

**Editor:** Baby Aida S. Awang, Charie S. Bato

**Tagasuri:** Mona Lisa M. Babiera, Baby Aida S. Awang, Charie S. Bato  
Rose Marie E. Diocares

**Tagaguhit:**

**Tagalapat:** Gemma B. Malicay, Liezel R. Capitanea

**Tagapamahala:** Isabelita M. Borres

Eugenio B. Penales

Sonia D. Gonzales

Jeanelyn A. Aleman

Evelyn F. Importante

Rose Marie E. Diocares

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region IX**

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: [region9@deped.gov.ph](mailto:region9@deped.gov.ph)

# **Edukasyon sa Pagpapakatao**

**Unang Markahan – Modyul 9:  
Lipunang Pang-ekonomiya**

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi ng gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan naming na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

### **Lipunang Pang-ekonomiya**

Sa modyul na ito, inaasahang malilinang sa iyo ang kaalaman, kakayahan at pag-unawa sa:

#### 3.1. Nakikilala ang mga katangian ng mabuting ekonomiya.

Nakakaramdam ka na ba ng inggit sa mga kapatid mo? Natanong mo na ba ang iyong sarili kung bakit hindi pantay-pantay ang pagtingin sa inyo ng nanay at tatay mo? Kung oo, ano ang ginagawa mo?

Sa lipunang ginagalawan natin, ang “**pamilya**” ang itinuturing na pinakamaliit at pinakamahalagang yunit ng lipunan. Ito ang humuhubog at bumubuo sa atin bilang isang mabuting tao. Minsan sa loob mismo ng pamilya ay hindi maiiwasan ang kompetisyon lalong-lalo na sa pagmamahal at pagbibigay ng atensyon ng mga magulang sa kanilang mga anak. Dahil sa pagkakaiba-ibang ito, hindi maiiwasan ang paghahambing sa isa’t isa. Nagkakaroon din naman ng inggitan ng pakiramdam ng pagiging mas angat. Natural ang ganitong mga pakiramdam. Subalit bago lumalim ang pakiramdam at tumungo sa sama ng loob, ay magandang balikan ang karanasan at tingnang mabuti kung nagkulang ba ng pagmamahal ang ating mga magulang o sadyang naghahangad lang tayo ng higit pa. Ang karanasan sa pag-ibig ng magulang ay isang ekonomiya na hindi malayo sa ekonomiya ng lipunan. Ang pag-ibig ng magulang ay nakapagdudulot ng mabuting ekonomiya sa pamilya na maaaring ihambing sa ekonomiya ng lipunan.

Sa modyul na ito ay inaasahang masasagot ang mahahalagang tanong na: Ano ang mabuting ekonomiya? Para saan ang ekonomiya?

Handa ka na bang palawakin ang inyong kaalaman tungkol sa lipunan? Halika na!



## Subukin

**Panuto:** Basahin ang bawat pangungusap at unawain ang bawat tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa inyong sagutang papel.

- \_\_\_1. Paano masisiguro na ang bawat bahay ay magiging tahanan sa Lipunang pang-ekonomiya?
  - a. Nagbibigay tulong pinansiyal ang pamahalaan sa mga mahihirap na pamilya.
  - b. Sa pangunguna ng estado, napangangasiwaan at naibabahagi nang patas ang yaman ng bayan.
  - c. Sinisikap ng estado na mabigyan ng trabaho ang bawat mamamayan kahit hindi angkop sa kakayahan.
  - d. Tinutulungan ng estado ang mga manggagawa na makahanap ng hanapbuhay sa ibang bansa.
  
- \_\_\_2. Ang mga sumusunod ay naglalarawan sa lipunang pang-ekonomiya **MALIBAN** sa:
  - a. Maihahalintulad sa pamamahala ng budget sa isang bahay.
  - b. Pagkilos para sa pantay na pagbabahagi ng yaman ng bayan.
  - c. Pangangasiwa ng yaman ng bayan ayon sa kaangkupan nito sa mga pangangailangan ng tao.
  - d. Pagkilos upang masiguro na ang bawat bahay ay magiging tahanan sa pamamagitan ng pangangasiwa ng yaman ng bayan.
  
- \_\_\_3. Ano ang katotohanan sa likod ng paniniwala na “ang tao ay pantay-pantay”?
  - a. Pantay ang lahat ng tao sa mata ng Diyos.
  - b. Angkop na pagkakaloob ng yaman batay sa kakayahan ng tao.
  - c. Angkop na pagkakaloob ng yaman ayon sa pangangailangan ng tao.
  - d. Pantay na pagkakaloob ng yaman batay sa kakayahan at pangangailangan ng tao.
  
- \_\_\_4. Sa ating lipunan, alin sa mga sumusunod ang patunay na naitatali na ng tao ang kanyang sarili sa bagay?
  - a. Mas nararapat lamang na makatanggap ang isang tao ng tulong mula sa pamahalaan kahit na kaya o hindi naman niya ito kayang bilhin dahil karapatan niya ito bilang mamamayang nagbabayad ng buwis.
  - b. Hindi mabitawan ni Sheila ang kanyang lumang mga damit upang ibigay sa kamag-anak dahil mayroon itong *sentimental value* sa kanya.
  - c. Inuubos ni Jerome ang kaniyang pera sa pagbili ng mamahaling relo na sa ibang bansa lamang mahahanap. Ayon sa kaniya, sa ganitong paraan niya nakukuha ang labis na kasiyahan.
  - d. Lahat ng nabanggit

- \_\_\_ 5. Sa lipunang pang-ekonomiya, ano ang pagkakaiba ng pantay sa patas?
- Ang pantay ay pagbibigay ng pare-parehong benepisyo sa lahat ng tao sa lipunan. Ang patas naman ay pagbibigay ng nararapat para sa tao batay sa kaniyang pangangailangan.
  - Ang pantay ay pagbibigay ng pare-parehong benepisyo sa lahat ng tao sa lipunan. Ang patas naman ay pagbibigay ng nararapat para sa tao batay sa kaniyang kakayahan.
  - Ang pantay ay pagbibigay ng pare-parehong pagturing sa lahat ng tao sa lipunan. Ang patas naman ay ang paggalang sa kanilang mga karapatan.
  - Ang pantay ay pagtiyak na natutugunan ng pamahalaan ang lahat ng pangangailangan ng mga tao.
- \_\_\_ 6. Ano ang katotohanan sa likod ng paniniwala na “ang tao ay pantay-pantay”?
- Lahat ay may kaniya-kaniyang angking kaalaman.
  - Lahat ay dapat mayroong pag-aari.
  - Lahat ay iisa ang mithiin.
  - Likha ang lahat ng Diyos.
- \_\_\_ 7. Bakit magkakaugnay ang pag-unlad ng sarili sa pag-unlad ng bayan?
- Nakilala at sumikat ang mga taong umuunlad.
  - Malaki ang maitutulong sa bansa kung maraming pera ang bawat tao at may mabuting dulot sa pag-unlad ng bansa.
  - Ang bawat mahusay na paghahanapbuhay ng tao ay may mabuting dulot sa pag-unlad ng bansa.
  - Nagkakaroon ng maraming oportunidad sa hanapbuhay ang taong mahilig paunlarin ang sariling kakayahan.
- \_\_\_ 8. “Ang tunay na mayaman ay ang taong nakikilala ang sarili sa bunga ng kaniyang paggawa. Hindi sa pantay-pantay na pagbabahagi ng kayamanan ang tunay na kayaman. Nasa pagkilos ng tao sa anumang ibinigay sa kaniya ang kaniyang ikayayaman.” Ano ang kahulugan ng pahayag na ito?
- Ang tunay na mayaman ay hindi takot gumastos para sa mga hilig niya.
  - Naipakikilala ng tao ang kaniyang sarili sa husay niya sa paggawa.
  - Mahusay ang taong may kakayahang makabili ng lahat ng kaniyang naisin.
  - Maipagmamalaki ng tao ang kaniyang sarili sa mga kagamitan na mayroon siya.
- \_\_\_ 9. Ano ang kahulugan ng prinsipyo ng **proportion** ayon kay Sto. Tomas de Aquino?
- Pantay na pagkakaloob ng yaman ng lahat ng tao.
  - Angkop na pagkakaloob ng yaman batay sa kakayahan ng tao.
  - Angkop sa pagkakaloob ng yaman ayon sa pangangailangan ng tao.
  - Pantay na pagkakaloob ng yaman batay sa kakayahan at pangangailangan ng tao.

- \_\_\_10. Bakilit epektibo ang patas kaysa pantay na pagbabahagi ng yaman ng bayan?
- a. Sa pamamagitan nito, mas isasaalang-alang ang kakayahan at pangangailangan ng bawat isa.
  - b. Walang kakayahang magpasiya para sa sarili at sa iba ang mga mamamayan.
  - c. Karapatan ng bawat mamamayan na matanggap ang nararapat sa kaniya.
  - d. Hindi pantay-pantay ang mga tao, ngunit may angkop para sa kanila.



## Aralin

# 1

## Lipunang Pang-ekonomiya

Sadyang magkakaiba ang mga tao. May mga magagaling sa Math. May mahuhusay sa pagguhit. May masinop sa gamit. May marunong sa pera. May magaganda at makikisig ang katawan kahit na hindi nag-eehersisyo. Mayroon din namang tabain at kailangang mag-ingat sa pagkain. Dahil sa pagkakaibang ito, hindi maiwasan ang paghahambing sa isa't isa at pagkakaroon ng inggitan. Nagkakaroon din ng pakiramdam ng pagiging mas angat sa isa't isa. Natural ang ganitong mga pakiramdam. Subalit bago lumalim ang pakiramdam at tumungo sa sama ng loob, marahil magandang balikan ang karanasan at tingnang mabuti kung nagkulang ba ng pagmamahal ang ating magulang o sadyang naghahangad lang tayo ng higit pa. Ang karanasan sa pag-ibig ng magulang ay isang ekonomiya na hindi malayo sa ekonomiya ng lipunan.



### **Balikan**

#### **Gawain 1: Punan mo ako**

**Panuto:** Mag-isip ng mga salitang maiuugnay mo sa salitang “Lipunang Pulitikal” at isulat ito sa talaan sa ibaba.

LIPUNANG PULITIKAL
1.
2.
3.
4.
5.



## **Tuklasin**

### **Gawain 2: Tama ba o Mali**

**Panuto:** Tukuyin kung TAMA o MALI ang mga pahayag.

- \_\_\_\_\_ 1. Binibilhan ni Aling Maria ang kaniyang dalawang anak ng bagong sapatos para sa Christmas party.
- \_\_\_\_\_ 2. May mga taong sobrang magyabang kapag sila ay nakaka-angat na sa buhay.
- \_\_\_\_\_ 3. Lahat ng tao ay pantay-pantay sa mata ng ating Maykapal.
- \_\_\_\_\_ 4. Ang tunay na mayayaman ay ang taong nakikilala ang sarili sa bunga ng kaniyang pagsisikap.
- \_\_\_\_\_ 5. Kailangan maging patas ayon sa kakayahan at pangangailangan.



## **Suriin**

### **PANLIPUNANG EKONOMIYA**

Ang salitang ekonomiya ay galing sa Griyegong salita na “oikos” (bahay) at “nomos” (pamahalaan).

Ang ekonomiya ay tulad din ng pamamahala sa bahay. May sapat na budget ang namamahay. Kailangan itong pagkasyahin sa lahat ng gastusin upang makapamuhay nang mahusay ang mga tao sa bahay, maging buhay-tao(humane) ang kanilang buhay sa bahay, at upang maging tahanan ang bahay.

Sa isang panig, may nagsasabing pantay-pantay ang lahat dahil likha tayo ng Diyos, dahil tao tayo. Isa pa, dahil kung titingnan ang tao sa kaniyang hubad na anyo, katulad lamang din siya ng iba.


Sa kabilang panig, may nagsasabi rin namang hindi pantay-pantay ang mga tao. May mga taong mananatiling nasa itaas, dinudungaw ang mga tao sa ibaba. May mga taong mayaman at patuloy na yayaman at may mga taong mahirap at mananatili sa kanilang kahirapan dahil sadyang ganito ang kaayusan ng mundo.

Ayon kay Max Scheler, bahagi ng pagiging tao ng tao ang pagkakaroon ng magkakaibang lakas at kahinaan. Nasa hulma ng ating katawan ang kakayahang

maging isang sinuman. Ang bawat mahusay na paghahanapbuhay ng mga tao ay kilos na nagpapangyari sa kolektibong pag-unlad ng bansa.

Hindi lamang sariling tahanan ang binubuo ng mga tao sa loob ng Lipunang Ekonomiya. Ginagawa rin nilang isang malaking tahanan ang bansa—isang tunay na tahanan kung saan maaaring tunay na tumahan (huminto, manahimik, pumanatag) ang bawat isa sa pagsisikap nilang mahanap ang kanilang buhay. Tinatawag ito ni Sto. Tomas De Aquino na *prinsipyo ng proporsiyon* o ang angkop na pagkakaloob ng yaman ayon sa pangangailangan ng tao.

Ang Lipunang Pang-ekonomiya, sa mas malakihang pagtingin, ay ang mga pagkilos na masiguro na ang bawat bahay ay magiging tahanan. Pinapangunahan ito ng estado na nangunguna sa pangangasiwa at patas na pagbabahagi ng yaman ng bayan.



## Pagyamanin

### Gawain 3:

**Panuto:** Basahin ang mga pangungusap. Punan ng tamang sagot ang bawat patlang gamit ang mga salitang makikita sa loob ng kahon sa ibaba.

Max Scheler	Diyos	babae	buhay	hanap-buhay
Proportion	tinapay	yaman	patas	pagkasyahin
bahay	kapital	paggawa	bansa	lipunan
lipunang pang-ekonomiya				

1. Para kay \_\_\_\_\_, bahagi ng pagiging ng tao ang pagkakaroon ng magkakaibang lakas at kahinaan.
2. May nagsasabing pantay-pantay ang lahat dahil likha tayo ng \_\_\_\_\_; dahil tao tayo.
3. Ang \_\_\_\_\_ ay mas may taglay na karisma upang manghalina kaysa lalaki.
4. Tinatawag ito ni Sto. Tomas de Aquino na prinsipyo ng \_\_\_\_\_ o ang angkop na pagkakaloob nang ayon sa pangangailangan ng tao.
5. Una ang halaga ng *tao* bago ang \_\_\_\_\_.
6. May \_\_\_\_\_ man ang tao o wala, may halaga pa rin siya bilang tao.
7. Nagtratrabaho siya upang maging produktibo sa kaniyang sarili. Ang tawag natin dito ay “\_\_\_\_\_.”
8. Ang \_\_\_\_\_ ng tao ay isang pagsisikap na ipakilala ang sarili.
9. Ang \_\_\_\_\_, sa mas malakihang pagtingin, ay ang mga pagkilos na masiguro na ang bawat bahay ay magiging tahanan.
10. Hindi pantay pero \_\_\_\_\_ - ito ang prinsipyo ng lipunang pang-ekonomiya.




## **Isaisip**

### **Gawain 4: Kilalanin Mo Ako?**

**Panuto:** Ibigay ang salitang tinutukoy ng bawat pahayag.

- \_\_\_\_\_ 1. Ito ay salitang Griyego na nangangahulugang “bahay”.
- \_\_\_\_\_ 2. Siya ang nangunguna sa pangangasiwa at patas na pagbabahagi ng yaman ng bayan.
- \_\_\_\_\_ 3. Para sa kaniya, bahagi ng pagiging tao ang pagkakaroon ng magkaibang lakas at kahinaan.
- \_\_\_\_\_ 4. Ang lipunan na nagsisikap na pangasiwaan ang mga yaman ng bayan ayon sa kaangkupan nito sa mga pangangailangan ng tao.
- \_\_\_\_\_ 5. Ito ay prinsipyong angkop na pagkakaloob ayon sa pangangailangan ng tao.
- \_\_\_\_\_ 6. Ito ay unang bibigyang halaga bago ang tinapay.
- \_\_\_\_\_ 7. Ito ay paraan ng pagkakasya sa lahat ng bayarin sa bahay.
- \_\_\_\_\_ 8. Sa pamamagitan nito ay napapaunlad ang lahat at walang taong sobrang mayaman at maraming mahirap.
- \_\_\_\_\_ 9. Sino ang nagsasabi na ang prinsipyo ng proportion ay “ang angkop na pagkakaloob ng yaman ayon sa pangangailangan ng tao?”
- \_\_\_\_\_ 10. Saan maaaring iugnay ang pag-unlad ng sarili?



## **Isagawa**

### **Gawain 5: Ilarawan Mo Ako**

**Panuto:** Ilarawan ang mga taong nakatala sa ibaba at ibigay kung ano ang naimbag nila sa bayan. Isulat ang inyong sagot sa kwaderno.

*Gabay na tanong:*

1. Sino si Max Scheler at ano ang naimbag niya sa lipunan?
2. Sino si Sto. Tomas de Aquino at ano ang naimbag nya sa lipunan?

### **Gawain 5.1: Opinyon Ko, Ipaglaban ko**

**Panuto:** Magbigay ng limang tiyak na hakbang kung paano maisasaayos ang ekonomiya ng bansa.

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_




## Tayahin

**Panuto:** Basahin ang bawat pangungusap at unawain ang bawat tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa inyong sagutang papel.

- \_\_\_ 1. Paano masisiguro na ang bawat bahay ay maging tahanan sa Lipunang ang-ekonomiya?
  - a. Nagbibigay tulong pinansiyal ang pamahalaan sa mga mahihirap na pamilya.
  - b. Sa pangunguna ng estado, napangangasiwaan at naibabahagi nang patas ang yaman ng bayan.
  - c. Sinisikap ng estado na mabigyan ng trabaho ang bawat mamamayan kahit hindi angkop sa kakayahan.
  - d. Tinutulungan ng estado ang mga manggagawa na makahanap ng hanapbuhay sa ibang bansa.
- \_\_\_ 2. Ang mga sumusunod ay naglalarawan sa lipunang pang-ekonomiya *MALIBAN* sa:
  - a. Maihahalintulad sa pamamahala ng budget sa isang bahay.
  - b. Pagkilos para sa pantay na pagbabahagi ng yaman ng bayan.
  - c. Pangangasiwa ng yaman ng bayan ayon sa kaangkupan nito sa mga pangangailangan ng tao.
  - d. Pagkilos upang masiguro na ang bawat bahay ay magiging tahanan sa pamamagitan ng pangangasiwa ng yaman ng bayan.
- \_\_\_ 3. Ano ang katotohanan sa likod ng paniniwala na “ang tao ay pantay-pantay”?
  - a. Pantay ang lahat ng tao sa mata ng Diyos.
  - b. Angkop na pagkakaloob ng yaman batay sa kakayahan ng tao.
  - c. Angkop na pagkakaloob ng yaman ayon sa pangangailangan ng tao.
  - d. Pantay na pagkakaloob ng yaman batay sa kakayahan at pangangailangan ng tao.
- \_\_\_ 4. Sa ating lipunan, alin sa mga sumusunod ang patunay na naitatali na ng tao ang kanyang sarili sa bagay?
  - a. Mas nararapat lamang na makatanggap ang isang tao ng tulong mula pamahalaan, kahit na kaya naman niya itong bilhin o kaya ay hindi naman kailangan, dahil karapatan niya ito bilang mamamayang nagbabayad ng buwis.
  - b. Hindi mabitawan ni Sheila ang kanyang lumang mga damit upang ibigay sa kamag-anak dahil mayroon itong *sentimental value* sa kanya.
  - c. Inuubos ni Jerome ang kaniyang pera sa pagbili ng mamahaling relo na sa ibang bansa lamang mahahanap. Ayon sa kaniya, sa ganitong paraan niya nakukuha ang labis na kasiyahan.
  - d. Lahat ng nabanggit

- \_\_\_5. Sa lipunang pang-ekonomiya, ano ang pagkakaiba ng pantay sa patas?
- Ang pantay ay pagbibigay ng pare-parehong benepisyo sa lahat ng tao sa lipunan; ang patas ay pagbibigay ng nararapat para sa tao batay sa kaniyang pangangailangan.
  - Ang pantay ay pagbibigay ng pare-parehong benepisyo sa lahat ng tao sa lipunan; ang patas ay pagbibigay ng nararapat para sa tao batay sa kaniyang kakayahan.
  - Ang pantay ay pagbibigay ng pare-parehong pagturing sa lahat ng tao sa lipunan; patas ay ang paggalang sa kanilang mga karapatan.
  - Ang pantay ay pagtiyak na natutugunan ng pamahalaan ang lahat ng pangangailangan ng mga tao.
- \_\_\_6. Ano ang katotohanan sa likod ng paniniwala na ang tao ay pantay-pantay’?
- Lahat ay may kaniya-kaniyang angking kaalaman.
  - Lahat ay dapat mayroong pag-aari.
  - Lahat ay iisa ang mithiin.
  - Likha ang lahat ng Diyos.
- \_\_\_7. Bakit magkakaugnay ang pag-unlad ng sarili sa pag-unlad ng bayan?
- Nakilala at sumikat ang mga taong umuunlad.
  - Malaki ang maitutulong sa bansa kung maraming pera ang bawat tao at may mabuting dulot sa pag-unlad ng bansa.
  - Ang bawat mahusay na paghahanapbuhay ng tao ay may mabuting dulot sa pag-unlad ng bansa.
  - Nagkakaroon ng maraming oportunidad sa hanapbuhay ang taong mahilig paunlarin ang sariling kakayahan.
- \_\_\_8. “Ang tunay na mayaman ay ang taong nakikilala ang sarili sa bunga ng kaniyang paggawa. Hindi sa pantay-pantay na pagbabahagi ng kayamanan ang tunay na kayaman. Nasa pagkilos ng tao sa anumang ibinigay sa kaniya ang kaniyang ikakayaman.” Ano ang kahulugan ng pahayag na ito?
- Ang tunay na mayaman ay hindi takot gumastos para sa mga hilig niya.
  - Naipakikilala ng tao ang kaniyang sarili sa husay niya sa paggawa.
  - Mahusay ang taong may kakayahang makabili ng lahat ng kaniyang naisin.
  - Maipagmamalaki ng tao ang kaniyang sarili sa mga kagamitan na mayroon siya.
- \_\_\_9. Ano ang kahulugan ng prinsipyo ng **propertio** ayon kay Sto. Tomas de Aquino?
- Pantay na pagkakaloob ng yaman ng lahat ng tao
  - Angkop na pagkakaloob ng yaman batay sa kakayahan ng tao
  - Angkop sa pagkakaloob ng yaman ayon sa pangangailangan ng tao
  - Pantay na pagkakaloob ng yaman batay sa kakayahan at pangangailangan ng tao

- \_\_\_10. Bakit epektibo ang patas kaysa pantay na pagbabahagi ng yaman ng bayan?
- Sa pamamagitan nito, mas isaalang-alang ang kakayahan at pangangailangan ng bawat isa.
  - Walang kakayahang magpasiya para sa sarili at sa iba ang mga mamamayan.
  - Karapatan ng bawat mamamayan na matanggap ang nararapat sa kaniya.
  - Hindi pantay-pantay ang mga tao ngunit may angkop para sa kanila.



## ***Karagdagang Gawain***

### ***Gawain 6: Proposal***

#### **PROYEKTO: Lipunang Pang-ekonomiya**

**Pangalan ng Proyekto:**

\_\_\_\_\_

**Deskripsyon:**

\_\_\_\_\_  
 \_\_\_\_\_  
 \_\_\_\_\_.

**Iskedyul**

<b>Petsa</b>	<b>Gawain</b>


**Budget**

<b>Bagay</b>	<b>Deskripsiyon</b>	<b>Halaga</b>

**Pangkat**

<b>Pangalan</b>	<b>Tungkulin</b>

**Pahintulot ng Guro:** \_\_\_\_\_ **Petsa:** \_\_\_\_\_



## Susi sa Pagwawasto

<p style="text-align: right;"><b>Subukin</b></p> <p>1. b 2. b 3. a 4. c 5. b 6. d 7. c 8. b 9. c 10. c</p>	<p style="text-align: center;"><b>Gawain 2</b></p> <p>1. Tama 2. Mali 3. Tama 4. Tama 5. Tama</p>	<p style="text-align: center;"><b>Gawain 3</b></p> <p>1. Max Scheler 2. Diyos 3. Babae 4. Proportion 5. tinapay 6. yaman 7. hanapbuhay 8. buhay 9. Lipunang pang ekonomiya 10. patas</p>
------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------	-------------------------------------------------------------------------------------------------------------------	------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------

<p style="text-align: center;"><b>Gawain 4</b></p> <p>1. oikos 2. estado 3. Max scheler 4. Lipunang pang-ekonomiya 5. Proportio 6. tao 7. budget 8. mabuting ekonomiya 9. Sto. Tomas de Aquino 10. bansa</p>	<p style="text-align: right;"><b>Tayahin</b></p> <p>1. b 2. b 3. a 4. c 5. b 6. d 7. c 8. b 9. c 10. c</p>
--------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------	------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------



# ***Sanggunian***

Gayola, Sheryll T. et.al (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul para sa Mag-aaral. FEP Printing Corporation. Pasig City

Draft March 31, 2014. Edukasyon sa Pagpapakatao, Baitang 9, Modyul 2

## **Website:**

Garcia, Joe Marie Nel C.(2015). Modyul 3: Lipunang Pang – ekonomiya.  
<https://www.slideshare.net/jomarienel/modyul-3-lipunang-pangekonomiya-51411555>

Patungan, Jerome (2014). Lipunang Ekonomiya.  
<https://prezi.com/lviowqm5xn2m/lipunang-ekonomiya/?fallback=1>

<https://brainly.ph/question/169760>

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)